



LUNGSOD NG LONG BEACH

POLICE DEPARTMENT

400 WEST BROADWAY • LONG BEACH • CALIFORNIA 90802 • (562) 570-7260 • FAX (562) 570-7114

Robert G. Luna
Chief of Police

PAMAMARAAN SA PAGREREKLAMO NG MAMAMAYAN

PANIMULA

Ang Chief of Police ay may legal na mandato upang tiyaking may umiiral na mga pamamaraan para sa pag-iimbestiga ng mga reklamong ginagawa ng mga miyembro ng publiko laban sa tauhan ng Police Department.

Ang mga empleyado ng Police Department ng Long Beach ay maingat na pinili, masusing sinanay at naninilbihan nang may pagmamalaki sa propesyonalismo. Subalit, tulad ng sa anumang malaking organisasyon, nagaganap ang paglihis mula sa mainam na pagganap. Lubos at objective na iniimbestigahan ang anumang paratang ng paggawa ng mali laban sa tauhan ng Department, at isinasagawa ang tamang pagkilos, na may mga layuning pagpapanatili ng integridad ng Department at ng kumpiyansa ng publiko.

Masisiguro lamang ang tamang pangangasiwa ng pagpapatupad ng batas kung pinananatili ang isang lubos na propesyonal na ahensya ng kapulisan. Nagsagawa ang Police Department ng Long Beach ng masigasig na pagsisikap upang makamit ang propesyonal na katayuang ito at ito ang aming pagnanais na magbigay ng pamamaraan upang mapanatili ito.

MGA PAMAMARAAN

May karapatan ang bawat mamamayan na gumawa ng reklamo laban sa sinumang empleyado ng Department. Maaaring gawin ang anumang reklamo sa sinumang supervisor o sa Internal Affairs Division. Maaaring gawin ang isang reklamo nang personal, sa pamamagitan ng telepono, sulat, email o iba pang taong walang direktang kinalaman sa insidente. Maaaring gawin ang mga reklamo nang walang pagkakakilanlan. Ilalabas ng Department sa nagrereklamong partido ang isang kopya ng kanyang sariling nilagdaang pahayag kapag personal na isinampa ang reklamo. Ipadadala ang iba pa sa koreo.

Kapag natanggap ang isang reklamo, sinusunod ang sumusunod na mga pamamaraan:

1. Ipinapasa ang reklamo sa Internal Affairs Division kung saan binibigyan ito ng isang file number at itinatalaga para sa imbestigasyon
2. Padadalhan ang taong nagsasampa ng reklamo ng isang sulat na nagbibigay-alam sa pagtanggap ng Department ng reklamo at isinasaad ang file number.
3. Kapag nakumpleto na ang imbestigasyon, ipapasa ang kaso sa Deputy Chiefs at/o Chief of Police para sa pinakahuling pasya at nararapat na pagkilos.
4. Kapag nakumpleto na ang review ng Police Department sa kaso, isinasagawa ang isang independenteng pagsusuri ng Citizen's Police Complaint Commission (CPCC). Padadalhan ang nagrereklamo ng isa pang sulat na nagpapayong nakumpleto na ang imbestigasyon at naisagawa ang parehong pagsusuri.

Tandaan: ang karaniwang haba ng panahon ng pag-proseso at pag-iimbestiga ng isang reklamo ay sa pagitan ng 3 at 6 na buwan, gayunpaman natatangi ang bawat kaso.

PAANO MAGSAMPA NG ISANG REKLAMO

Mahalaga ang mga sumusunod na impormasyon kapag nagsasampa ng isang reklamo:

- Pangalan at paglalarawan ng officer, numero ng badge, at numero ng sasakyan kung nakuha
- Mga pangalan, address at numero ng telepono ng mga saksi
- Anumang ebidensyang nararamdaman mo ay mahalaga tulad ng mga kopya ng mga citation, larawan, atbp.
- Kung nasaktan ka, mahalagang isampa mo ang iyong reklamo kaagad hangga't maaari para maaaring kunan ng mga larawan at mabilis na makuha ang mga medical record.

Upang makuha ang form na ito sa ibang wika, sumangguni sa:

www.longbeach.gov/police/info/complaints/default.asp

Maaari kang magsampa ng iyong reklamo nang direkta sa email:

Internal.Affairs@longbeach.gov

Magsasagawa ng lahat ng hakbang ang mga imbestigador ng Department upang mailabas ang katotohanan sa bawat sitwasyon. Sa mga kasong iyon kung saan nararamdaman ng isang mamamayan na hindi naisagawa ang isang tamang imbestigasyon, maaaring makipag-ugnayan ang mamamayan sa alinman sa mga nakalistang ahensya sa ibaba:

Long Beach Police Department WATCH COMMANDER (24 hours) 400 West Broadway Long Beach, CA 90802 (562) 570-7236	Citizen Police Complaint Commission Long Beach City Hall 3rd Floor 333 West Ocean Boulevard Long Beach, CA 90802 (562) 570-6891
District Attorney's Office Los Angeles County 415 West Ocean Boulevard Long Beach, CA 90802 (562) 491-6301	Long Beach Police Department INTERNAL AFFAIRS DIVISION 400 West Broadway Long Beach, CA 90802 (562) 570-7343
Attorney General's Office State of California Attn: Public Inquiry Unit P.O. Box 94425 Sacramento, CA 94244	Grand Jury Los Angeles County B-303 Criminal Courts Building 210 West Temple Los Angeles, CA 90012
Federal Bureau of Investigation 501 W. Ocean Boulevard Suite #7370 Long Beach, CA 90802 (562) 432-6951	

Makukuha ang impormasyong ito sa alternatibong format kung hihilingin sa Personnel Administrator Karen Owens sa (562) 570-7120.